Republic of the Philippines
**Department of Education**

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

DEC 16 2008

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 564 , s. 2008

## 2009 PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA WIKA AT PANITIKAN

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Puno ng mga Paaralang Publiko at Pribado sa Elementarya at Sekundarya

1. Ang Pambansang Samahan sa Wika, Ink. (PSW) sa pakikipagtulungan ng Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining at ng UP Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas ay magdaraos ng isang Pambansang Kumperensiya sa Wika at Panitikan sa Pebrero 18-20, 2009 sa Pulungang Recto, Bulwagang Rizal, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman Lungsod ng Quezon.

2. Ang paksa ng kumperensiya ay "Ang Ambag ng Akademya sa Pagpapaunlad ng Wikang Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa Loob ng Isandaang Taon: Pagtuturo at Pananaliksik sa Wika at Panitikan".

3. Ang tagapangulo at miyembro ng kaguruan sa Filipino ng bawat kolehiyo at unibersidad ang dapat dumalo sa kumperensiyang ito. Maari ring dumalo ang kaguruan buhat sa iba't ibang departamento o disiplina.

4. Ipadala ang inyong reserbasyon bago dumating ang Pebrero 4, 2009 kay:

Dr. Jimmuel C. Naval
Direktor ng Pambansang Kumperensiya
c/o Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas
Kolehiyo ng Arte at Literatura
UP Diliman, Lungsod Quezon

5. Ang bayad sa rehistrasyon ay Tatlong Libo at Limandaang Piso (PhP3,500.00) bawat isa para sa pagkain sa tatlong (3) araw, sertipiko, hand-outs at conference kit. May kaukulang diskuwento para sa maagang makapagbabayad sa sumusunod na petsa:

Enero 15-31, 2009 -PhP3,000.00 na lamang ang babayaran
Pebrero 1-15, 2009-PhP3,250.00 na lamang ang babayaran

6. Mga taong maaring tawagan para sa akomodasyon at iba pang detalye: Gng. Susan Alcantara sa tel. blg. 924-4899 o cellphone blg. 0928-7908131 at Gng. Marie Olayta sa tel. blg. 924-4899.

7. Hinihiling ang dagliang pagpapalaganap ng Memorandum na ito sa mga kinauukulan.

**JESLI A. LAPUS**
Kalihim

Sanggunian: Wala
Pamumudmod: 1- -(D.O. 50-97)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

COMMUNICATION ARTS
CONVENTIONS
LANGUAGE
SOCIETY or ASSOCIATIONS
TEACHERS

Maricar/DM-2009 Pambansang Kumperensiya sa Wika at Panitikan
11-25-08